# Pakiusap para sa lahat ng mga taga-Tokyo tungkol sa Covid-19

- Napakarami na ang nagkasakit ng Covid-19 sa kasalukuyan. Kapag lalo pang dumami ang bilang nito, magiging mapanganib. Delikado na ang sitwasyon.
- Nakadeklara ang state of emergency sa Tokyo. Ang mahalaga sa ngayon ang manatili sa ating mga tahanan. Gayundin huwag munang makipagkita o magbisita para makipagkuwentuhan sa ibang tao.
- Isang hiling sa lahat ang pagdeklara ng state of emergency para baguhin natin ang ating pamumuhay.

**Mula at hanggang kailan**

Mula hatinggabi ng ika-8 ng Pebrero (Lunes) hanggang hatinggabi ng ika-7 ng Marso (Linggo)

## Mga taong nakatira sa Tokyo — Manatili sa tahanan

- Hangga't sa maaari, **manatili sa inyong tahanan**. **Iwasang lumabas** ng bahay lalo na **paglampas ng 8 PM**.
- Lumabas lamang **kung talagang kinakailangan** at **di maiwasan**. **Iklian** ang oras ng lakad.

  Halimbawa ng mga di maiwasang lakad: pagpunta sa ospital; pamamalengke ng mga pangangailangan tulad ng pagkain, gamot, atbp.; at pag-eehersisyo o paglalakad para sa kalusugan.
- Huwag na munang lumabas ng Tokyo para bumisita **sa ibang mga prefektyur**.

## Mga may-ari ng tindahan o negosyo — Iklian ang oras ng pagbukas

Ang mga sakop na tindahan o negosyo: Tulad ng mga **restawran at karaoke**※

Pinahihintulutang oras ng pagbukas: **5 AM - 8 PM**
( **Oras na maaaring magbenta ng alak: 11 AM - 7 PM** )

※ Halimbawa ng mga iba pang lugar:
Teatro, sinehan, awditoryum, hotel, pang-isports na pasilidad, museo, library, atbp.

一般財団法人
東京都つながり創生財団
Tokyo Metropolitan Foundation "TSUNAGARI"